

Sa ibaba ang mahalagang impormasyon kung paanong maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig:

Maaaring ipatigil ang serbisyo ng tubig kapag hindi nabayaran o delinkuwerte ang kasalukuyang singil sa tubig o kahaliling pagbabayad sa loob ng 60 araw. Bibigyan ng pasulat na abiso ang kustomer ng rekord sa loob ng hindi bababa sa 14 na araw bago ang pagpapatigil sa serbisyo ng tubig.

Ang mga kustomer na may kinakaharap na kundisyong medikal o kahirapang pampinansyal ay hindi ipapatigil, at maaaring pahabain ang normal na pagsingil nang hanggang 12 buwan, kung natugunan ang lahat ng sumusunod na mga kundisyon:

- Kustomer o sinumang nakatira sa ari-arian ay kailangang magsumite ng sertipiko mula sa pangunahing tagabigay ng pangangalaga na ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig ay maaaring magdulot ng pagkamatay o maaaring magdulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng naninirahan sa lugar kung saan ipinagkaloob ang serbisyo sa tirahan.
- Kustomer o sinumang nakatira sa ari-arian ay kailangang magpakita na sila ay walang kakayahang pinansyal upang magbayad sa panahon ng pagsingil. Maaari itong magawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng katibayan na sila ay tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, Medi-Cal, SSI/SSSP, pangkalahtang tulong, o Program ng Espesyal na Karagdagang Nutrisyon ng California para sa Babae, Mga Sanggol, at Mga Bata (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children), O ipinahayag ng kustomer na sila ay 200% na mababa sa antas ng kahirapan sa Pederal.
- Dapat handang pumasok ang kustomer sa isang Kasunduan sa Kahirapan sa Pagbabayad (Hardship Payment Agreement).

Ang mga kustomer na nakatutugon sa kinakailangan sa itaas ay maaaring magbigay ng angkop na dokumentasyon sa Distrito upang maipakita ang tinukoy na paghihirap sa medikal at pang-ekonomiya at pumasok sa isang Kasunduan sa Kahirapan sa Pagbabayad (Hardship Payment Agreement). Hihilingan ang kustomer na ipakita ang pagiging karapat-dapat para sa paghihirap sa medikal at pinansiyal sa isang taunang batayan.

Maaaring ipatigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig kapag ang ibinigay sa kustomer na Kasunduan sa Kahirapan sa Pagbabayad (Hardship Payment Agreement) ay nabigong gawin ang anuman sa sumusunod sa loob ng 60 araw o higit pa: (a) bayaran ang anumang halaga sa ilalim ng Kasunduan sa Kahirapan sa Pagbabayad (Hardship Payment Agreement) o (b) bayaran ang kasalukuyang singil para sa serbisyo ng tubig. Magpopost ng panghuling abiso ang Distrito ng kagustuhang ipatigil ang serbisyo sa isang prominente at masasamang lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagpapatigil ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi pagiging karapat-dapat ng kustomer sa isang imbestigasyon o pagrepaso ng Distrito.

Kung hindi mababayaran ang singil sa tubig ng May-ari para sa tirahan na mayroong indibidwal na metro ng serbisyo ng tubig, maaaring humiling ang Nangungupahan na maging kustomer sa rekord upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig. Upang mailipat ang serbisyo sa pangalan ng Nangungupahan, kakailanganing punan at lagdaan ng May-ari ang form ng Distrito na awtorisasyon na nagbibigay ng pag-apruba na mailipat sa pangalan ng (mga) Nangungupahan sa loob ng 30 araw. Kung hindi matanggap ng Distrito ang form ng awtorisasyon sa loob ng 30 araw, maaari pa ring tuloy na bayaran ng Nangungupahan ang singil sa tubig sa May-ari upang maiwasan ang pagpapatigil. Kung sakaling hindi mai-secure ng Nangungupahan ang nakasulat na awtorisasyon ng May-ari sa loob ng 30 araw, maaaring hilingin ng Nangungupahan sa Distrito na magbigay sa Nangungupahan, ng dobleng kopya ng singil sa tubig ng May-ari para sa indibidwal na metro ng serbisyo ng tubig sa tirahan, upang mapadali ang kakayahan ng Nangungupahan sa napapanahong pagbabayad ng tubig na nakonsumo, kung saan ang mga pagbabayad ay dapat na ituring ng Distrito bilang bayad sa ngalan ng May-ari, hanggang makumpleto ang pormal na paglilipat. Sa kabila nito anumang dobleng singil sa tubig, o mga pagbabayad na tinanggap ng Distrito mula sa nangungupahan, mananatiling buong responsibilidad ng May-ari sa pagbabayad ng hindi nabayarang mga singil sa tubig at lahat ng

kasunod na mga pagsingil sa pag-aari alinsunod sa California Water Code Section 28506.

Kung makikipagtalo ang kustomer sa hindi nabayaranang singil sa tubig na lampas sa otoridad ng Superbisor ng Customer Service para ayusin, maaaring ipagpaliban ng Superbisor ng Customer Service ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig hanggang repasuhin ng Pangkalahatang Tagapamahala at/o dalhin para sa pinal na resolusyon ng Board ang pagtatalo. Hindi isasangguni sa Pangkalahatang Tagapamahala o iiskedyul para sa kundiserasyon ng Board ang pagtatalo hanggang mabayaran ng kustomer ang makatwirang bahagi ng pinagtatalunang singil sa tubig. Ang makatwirang bahagi ng pinagtatalunang singil ay ibabatay sa account history ng kustomer.

Kailangang magsumite ang kustomer ng nakasulat na hiling ng pagapela sa Sekretarya ng Board upang ang kanilang pagtatalo ay ikunsiderang bagay para talakayin sa paparating na pulong ng Board, na magpapahintulot sa Board na dinggin ang pagtatalo at gumawa ng hakbang. Dapat kasama sa nakasulat na hiling na apela ang: 1) paglalarawan ng problema, 2) katibayan na sumusuporta sa paghahabol, at 3) hiling para sa isang resolusyon.

Hindi dapat ipatigil ang serbisyo ng tubig habang mayroong nakabinbing apela.

Ibabalik ang serbisyo ng tubig matapos mabayaran ang lahat ng delingkwenteng mga singil at multa.